**Pamagat**: Ang Pangako ng Pagpapala Para sa Mga May Takot sa Dios

**Texto**: Malachi 3:16 "Then they that feared the LORD spake often one to another: and the LORD hearkened, and heard it, and a book of remembrance was written before him for them that feared the LORD, and that thought upon his name."

*Pagsasalin*: Nang magkagayo'y nag-usap silang mga natatakot sa Panginoon. Binigyang-pansin sila ng Panginoon at pinakinggan, at ang isang aklat ng alaala ay isinulat sa harap niya, para sa kanila na natakot sa Panginoon at nagpahalaga sa kanyang pangalan.

**Panimula**:

1. Ang tanong ay wala bang kabuluhan ang paglilingkod sa Dios? Yung unang sumagot ay yung mga mapagmataas at mga may duda laban sa Dios. Ang pangalawang uri ng mga sumagot ay ang mga alagad o anak ng Dios.
2. Tingan natin ngayon ang pagpapala ng mga may takot sa Dios.

I. **Ano ang Kanilang mga Katangian**:

A. May takot sa Dios – (Isa. 8:13)
   - A.1. Nabubuhay ng matuwid (Deut. 17:19)
   - A.2. Ang kabanalan ay bunga ng takot sa Dios (2 Kings 17:34)
   - A.3. Ang pagtitiwala sa Dios ay bunga ng takot sa Dios (Ps. 14:26)

B. Sila ay gumunita ng Kaniyang pangalan. – kumikilala sila sa pangalan ng Dios. Iniispi nila ito. Nagpahalaga o nagbigay halaga sila sa pangalan ng Dios. May galang sa pangalan Niya. – Sila ay may pakikisama.
   - B.1. Ang pangalan ng Dios – ay nangangahulugan ng lahat ng patungkol sa Dios.
   - B.2. Tanongin mo ang mga sumasampalataya kung ano ang pinakamahalaga sa buhay – sasagutin ka nila – ang Dios. Dapat ingatan natin ang pagiisip natin (Proverbs 23:7).

II. **Ang Sagot ng Dios sa mga May Takot sa Kanya**:

A. Sila ay binigyan pansin at pinakinggan ng Dios – hindi lamang ang kanilang mga pananalangin, pero pati narin ang kanilang persona, and mga pinaguusapan. (v.16)

B. Isinulat ng Dios ang kanilang mga pangyayari sa isang aklat ng alaala – ang ganitong ugali ay naging kasanayan ng mga hari noong panahon (Esther 6:1).
   - B.1. Naka-record ang mga pag-iisip at mga usapan nila patungkol sa Dios.
   - B.2. Naka-record rin ang mga paglilibot, at mga luha (Psalm 56:8).
   - B.3. Naka-record rin ang lahat ng mga nabuhay sa mundong ito (Psalm 69:28)
   - B.4. Naka-record rin ang mga may buhay na walang hanggan (Rev. 20:12, 15).

C. Sila'y magiging akin (v.17) – sa araw ng Kanyang pagbabalik – tayo ay tunay na makakapiling niya magpakailanpaman. (1 Thess. 4:17).

D. Sila ay aking mga kayamanan – (Deut. 7:6; 14:2; 26:18; Ps. 135:4; Titus 2:14; 1 Pet. 2:9).

**Katapusan**:

1. Sa araw ng paghahatol ng Dios magiging malinaw na malinaw kung sino ang ligtas at hindi ligtas. (v.18).
2. Walanang masasabi ang mga lumalapastangan sa pangalan ng Panginoon.
3. Ang hustisya ng Dios ay magiging malinaw. Lahat ng sumasampalataya kay Jesus ay ligtas sa kapahamakan ng daga't-dagatang apoy (ang pangalawang kamatayan).
4. Ang kapanahunan natin ngayon ay talagang katulad ng kapanahunan ni Malachi. Hindi natin kayang patunayan ng 100% kung sino nga ang tunay na anak ng Dios. Pero, ang Dios ay hindi maloloko – at balang araw, pag siya ang nag-bigay ng hatol, ito ay magiging malinaw na malinaw.